


Kung naniniwala ka nang buong puso sa Mabuting Balitang ito ni Jesu-Cristo, gayahin mo ang simpleng pananampalataya ng isang bata, at tanggapin mo Siya sa pamamagitan ng pagtawag sa Kanyang pangalan. Gawin mo na ito ngayon bago pa mahuli ang lahat!
"Ang nananalig sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi tumatalima sa Anak, hindi magkakaroon ng buhay—mananatili sa kanya ang poot ng Diyos." Juan 3:36 *"Itinapon sa lawang apoy ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay."* Pahayag 20:15



P.O. BOX 609 • YORK, SC 29745 • 803-684-1535
WWW.HOPETRACTS.ORG
Are You 100% Sure? (Tagalog) Tract 518



SIGURADONG SIGURADO KA BA

*na mapupunta ka sa
Langit kapag namatay ka?*

Ang Biblia ang **SALITA NG DIYOS**.

SINASABI NG DIYOS na tayong lahat ay makikipagtagpo sa kamatayan. *"Itinakda sa tao ang mamatay na minsan at pagkatapos nito ay ang paghuhukom"* Hebreo 9:27 Wala nang mas importante pang gawin ang tao kundi ang humanda sa pagharap sa Diyos! Ang isang tao ba ay maaaring makatiyak nang 100% na siya'y mapupunta sa Langit?

SINASABI NG DIYOS na maaari kang makatiyak! *"Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong nananalig sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan.."* I Juan 5:13 Marami ang naniniwala na ang pagiging isang mabuting tao ay makapaghahatid sa kanila sa Langit.

SINASABI NG DIYOS na walang sinumang mabuti. *"Ayon sa nasusulat, Walang matuwid, wala kahit isa...Walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa. Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos"* Roma 3:10,12b, 23

SINASABI NG DIYOS na mayroong kaparusahan na dapat pagdusahan para mabayaran ang ating kasalanan. *"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan..."* Roma 6:23a Namatay si Jesu-Cristo alang-alang sa atin, upang hindi tayo mapunta sa Impiyerno. *"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."* Juan 3:16

"Ngunit ipinadama ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa." Roma 5:8 Ibinuhos ni Jesus ang Kanyang mahal na dugo upang hugasan ang ating kasalanan. *"Sa pamamagitan ng Anak, tayo'y pinalaya at pinatawad sa ating mga kasalanan"* Colosas 1:14 Tatlong araw pagkatapos na mailagak ang Kanyang katawan sa libingan, si Jesus ay bumangon mula sa mga patay!

SINASABI NG DIYOS na kailangan nating paniwalaan ito hindi lamang sa ating isipan, kundi sa ating puso din naman. *"Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka."* Roma 10:9

SINASABI NG DIYOS na dapat kang magsisi! *"Sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat."* Lucas 13:3 Ang ibig sabihin, dapat mong ikalungkot at talikuran ang iyong kasalanan, at magbalik-loob kay Jesu-Cristo, at tanggapin Siya bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas. *"Sapagkat ang kahapisang buhat sa Diyos ay nagbubunsod sa inyo upang magsisi at magbago sa inyong ikaliligtas..."* II Corinto 7:10 *"Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging manak ng Diyos:"* Juan 1:12

SINASABI NG DIYOS na maaaring maligtas ang sinuman. *"Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa pangalan ng Panginoon."* Roma 10:13